Republika ng Pilipinas
# Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon V
## Tanggapang Pansangay ng mga Paaralan ng Sorsogon

**MEMORANDUM**

**Sa mga :** Kawaksing Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punong Tagamasid Pang-edukasyon (CID at SGOD)
Mga Tagamasid Pansangay ng Programang Pang-edukasyon
Mga PSDS, Punungguro/Pinuno ng mga Paaralan sa mga Piling Paaralang Sekundarya sa Castilla, Donsol, at Pilar
Sa Iba pang Kinauukulan

**Mula kay :** **WILLIAM E. GANDO, CESO VI**
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

**Paksa :** **PAGSASANAY SA POSITIBONG DISIPLINA PARA SA ARAW-ARAW NA PAGTUTURO** (Positive Discipline in Everyday Teaching, PDET)

**Petsa :** 27 Hunyo 2024

1. Ang Kagawaran ng Edukasyon Sangay ng Sorsogon sa pakikipagtulungan at ugnayan sa Educo ay nagpapabatid ng ***2-Araw na Pagsasanay sa Positibong Disiplina sa Pang-Araw-Araw na Pagtuturo (PDET).*** Ito ay iminumungkahing isakatuparan ng 9 na kaagapay na paaralan ng Educo anumang araw sa pagitan ng Hulyo 8-15, 2024.

2. Layunin ng gawain ang pagpapaigting at patuloy na pakikibahagi ng sangkaguruan mula sa mga kaagapay na paaralan upang mapanatiling ligtas ang mga bata. Ito ay sa pamamagitan ng pagtamo ng ankop na kasanayan at mga pagpapahalaga sa paglalapat ng balangkas ng PDET. Bahagi ito ng pangunahing programa ng Educo sa *Systematic Approach to Engage Children in their Protection and Ensuring Safe and Protective Environment* (STEP).

3. Ang mga inaasahang kalahok sa pagsasanay na ito ay ang sangkaguruan mula sa kaagapay na paaralang nakatala sa ibaba.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Castilla: | Cumadcad NHS | Castilla NHS | Dinapa National HS |
| Donsol: | Donsol NCHS | Donsol VHS | Banuang Gurang HS |

Kompleks Pampalakasan ng Balogo, Balogo, Sorsogon, Sorsogon 4700
Email: sorsogon@deped.gov.ph
Website: depedsorsogon.com.ph

| | | | |
|---|---|---|---|
| Pilar: | Pilar NCHS | Abucay NHS | Salvacion NHS |

4. Manggagaling sa Educo ang alokasyon ng pagkain ng mga kalahok. Samantalang ang iba pang gugugulin kaugnay ng gawain ay manggagaling sa pondong local/MOOE o iba pang pondo ng paaralan na sasailalim sa kinagawiang pagsusuma at pagsusuri.

5. Inaasahan ang pagsusumite ng Ulat sa Napagtagumpayang Gawain dalawang linggo matapos ang pagsasakatuparan ng PDET. Ipasa ang kopya ng ulat kay Sharon A. Vito-Tagamasid sa Programang Pang-edukasyon sa Sangay sa Pagpapatupad ng Kurikulum.

6. Para sa mga karagdagang kabatiran hinggil dito, mangyaring makipag-ugnayan kay Bb. Myra Mangampo sa 09361616302 at/o sa email na *myra.mangampo@educo.org.*

7. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapabatid ng Memorandum na ito.

*CID:GQT:sav*
*06/27/24*